



Community Connectors

Suporta para sa mga tao na mula sa iba't ibang kultura na may kapansanan

Ang pagkuha ng tamang tulong ay maaaring makapagbago sa buhay ng mga tao.

Pag-uugnay sa NDIS ng mga tao na mula sa iba't ibang kultura na may kapansanan

Ikaw ba ay may kapansanan o nangangalaga sa isang tao na maaaring makinabang mula sa tulong na maibibigay ng National Disability Insurance Scheme (NDIS)?

Ang programang Community Connectors ay narito upang bigyan ka ng suportang iniakma sa kultura sa inyong komunidad upang iugnay ka sa NDIS.



Ano ang NDIS?

Ang NDIS ay libreng programa ng pamahalaan na nagbibigay ng mga serbisyo at suporta sa mga tao na may kapansanan.



Paano ako matutulungan ng NDIS?

Kabilang sa mga suporta at serbisyo ang:

- tulong sa iyong personal na mga aktibidad sa araw-araw
- tulong sa lugar ng trabaho upang magawa mong matagumpay na makakuha o magpanatili ng trabaho
- tulong sa mga gawain sa bahay upang magawa mong magpanatili ng iyong pantahananang kapaligiran
- pagbili ng tulong at/o kagamitan sa pagkilos.



Ano ang Community Connector?

Ang Community Connectors (Mga Tagapag-ugnay sa Komunidad) ay sumusuporta sa mga tao na mula sa iba't ibang kultura at wika at hindi Ingles ang kinagisnang wika upang maka-access sa NDIS.

Tumutulong sila sa pamamagitan ng pagganap bilang tagapag-ugnay sa iyo at sa NDIS.

Maaari kang masuportahan ng iyong Community Connector upang ikaw ay:

- makapag-aplay para sa NDIS
- maiugnay sa mga kontak ng NDIS sa inyong pook
- mabigyan ng suporta upang maunawaan mo at magamit nang mas mabuti ang mga serbisyo ng NDIS.



Makipag-ugnay sa iyong Community Connectors sa inyong pook:



Pag-access sa mga interpreter

Kung kailangan mo ng tulong upang maunawaan ang nilalaman ng pahinang ito, mangyaring tawagan ang Telephone Interpreter Service (TIS) **(131 450)** at hilingan sila na kontakin ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa inyong pook na nabanggit sa itaas.

Ang National Community Connectors Program ay isang kolaborasyon ng NDIS, Federation of Ethnic Communities' Councils, at National Ethnic Disability Alliance. Ito ay pinopondohan ng National Disability Insurance Agency.

Pumunta sa: fecca.org.au o neda.org.au